1214

DENR MIMAROPA
RECORDS SECTION
RECEIVED
BY:
DATE: DEC 14 2023
TIME:

November 22, 2023

**HON FELIX S MIRASOL**
Regional Executive Director
MIMAROPA, Region- IV-B
DENR By the Bay
3rd Floor, 1515 DENR By the Bay Bldg
Roxas Blvd, Brgy 668, Ermita Manila

Sir:

Good day.

For and in behalf of my client, DANTE ESTEVES, may I respectfully inquire as to the status of the complaint which he had filed against KRYSTAL DAYNE T. VILLANADA and CENRO ANASTACIO SANTOS of CENRO Sablayan, Occidental Mindoro on October 09, 2023.

On October 09, 2023, Dante Esteves had filed a complaint against Krystal Dayne T Villanada and CENRO Anastacio Santos, both employees of CENR Office in Sablayan, Occidental Mindoro. Copy of his complaint is hereto attached for your reference. Unfortunately however, up to present, no communication, order nor copy of the Answer was received by Dante Esteves, despite reasonable lapse of time. Whereas, in administrative proceedings, this being imbued with public interest, the employee concerned is only given seventy two (72) hours within which to submit their answer copy furnished the respondent.

Complainant is then wondering, why up to present he has not heard anything about his complaint. In view of which, for and in behalf of my client, may the undersigned request information, what was the action taken on the same as well as the status of the said complaint.

Thank you.

**ATTY JENNIFER R. GARCIA-LAUDENCIA**
Counsel for the Plaintiff, Dante Esteves
Roll No 45410- May, 2000
IBP No 204216 March 29, 2022
PTR No 3521526 January, 05, 2023
MCLE VII- 0017469 until 04/14/25
2568 Calderon Street, Brgy Labangan Poblacion
San Jose, Occidental Mindoro

Republika ng Pilipinas)
Lalawigan ng Kanlurang Mindoro)
Bayan ng Sablayan)

**SINUMPAANG SALAYSAY NG REKLAMO**

Ako si **DANTE ESTEVES, y PLAQUINO** may sapat na taong gulang, Filipino, may asawa, nakatira as Brgy Emilio Aguinaldo, Sablayan, Occidental Mindoro, matapos na makapanumpa ng naayon sa batas ay nagsasaad ng sumusunod;

1. Na nais ko pong ireklamo ng **gross neglect of duty at conduct prejudicial to the best interest of the service** si **KRYSTAL DAYNE VILLANADA y TENDIDO,** may sapat na taong gulang, Filipino, may asawa, nakatira sa Sablayan, Occidental Mindoro, at isang empleyado ng Community Environment and Natural Resources nakatalaga bilang isang Park Superintendent ng Apo Reef Natural Park; ganundin si **ANASTACIO SANTOS**, may sapat na taong gulang, Filipino, may asawa at nakatira sa Brgy Labangan, Poblacion, San Jose, Occidental Mindoro at siyang CENRO ng Sablayan, Occidental Mindoro na siyang nakakasakop sa Apo Reef Natural Park;

2. Na ako po kasama ng aking mga kasama ay hinuli ng task force MARLEN habang nangingisda sa karagatan **labas at malayo** sa protected area ng Apo Reef Natural Park, sa Sablayan, Occidental Mindoro noong hindi po matiyak na petsa kung January 17 o 18, 2023; dahil ang ginawa po ng buong team ay nagdulot ng labis na kalituhan sa amin;

3. Na kami ay hinold ng task force MARLEN ng January 17, 2023 sa karagatan malayo at labas sa Apo Reef Natural Park, subalit kami po ay inaresto lamang ng January 18, 2023 ni Krystal Dayne Villanada sa Sablayan Port na lamang;

4. Na kami ay sapilitang dinala sa Sablayan Port ng task force MARLEN sa pangunguna ni EFRAIM PAGADOR, at pagdating namin doon, inutusan po kaming ibaba ang aming mga kagamitan mula sa Bangka at kaagad po na nagsagawa ng imbentaryo si Krystal Dayne Villanada kasama si Ludygario Matira at Efraim Pagador;

5. Na matapos ang imbentaryo, pinapirma, sinabihan po kami ng aming karapatan at pagkatapos po ay inaresto na po kami ni

KRYSTAL DAYNE VILLANADA din po saka pinadala sa police station ng Sablayan,Occidental Mindoro;

6. Na kami po ay naghintay ng patawag para sa hearing galing sa kanilang tanggapan upang maipagtanggol namin ang aming sarili subalit sa tagal po ng panahon na kami ay naghintay wala po kaming natatanggap na anuman; gayong nabasa namin sa spot report na ginawa ni KRYSTAL DAYNE VILLANADA ang ganito

   **"Administrative hearing on the apprehended motorized banca <u>will be scheduled immediately</u>."**

7. Na kami ay naghintay ng naghintay kung kailan ang hearing subalit umabot na po ng mahigit walong bwan ay walang nagaganap na hearing, kaya kami po ay nagpasya na pumunta sa tanggapan ng Regional Executive Director ng DENR at nagfile na din po kami ng aming reklamo sa ARTA Manila dahil sa sobrang tagal na wala silang anumang aksyon sa aming sitwasyon;

8. Na matapos na kamį ay magreklamo, saka pa lamang po nagschedule ng hearing na kung saan si Krystal Dayne Villanada ang siyang nakapirma sa notice of hearing na siyang nagpapatawag sa amin para sa hearing ng September 25. 2023;

9. Na ang ginawa pong ito ni Krystal Dayne na sobrang tagal ng delay na kami ay ipatawag para sa administrative hearing na kung hindi pa kami nagreklamo ay hindi pa niya maalala na magpatawag ay labis na nakapinsala sa aming kabuhayan at inalisan po niya kami ng pagkataon na malinis ang aming pangalan;

10. Noong pong September 25, 2023, nagkaroon po ng hearing at doon ay ipinaalam nila sa amin, matapos na magtanong ang aming abogado, kung ano ang procedure na susundin sa aming administrative confiscation; at sinabi nga po nila na DAO 97-32 nga daw po; na ang preside sa nasabing hearing ay si CENRO ANASTACIO SANTOS;

11. Dahilan dito, nagpasya po kami na pansamantalang iatras ang aking reklamo laban kay KRYSTAL DAYNE VILLANADA upang

maisama ko rin si CENRO ANASTACIO SANTOS na may mas malaking pananagutan sa usaping ito na bukod sa command responsibility ay siyang inaatasan sa ilalim ng DAO 97-32 na magsagawa ng administrative hearing for confiscation;

12. Kaya naman po nais ko rin pong ireklamo si CENRO ANASTACIO SANTOS ng gross neglect of duty at conduct prejudicial to the best interest of the service sapagkat, sa ilalim po ng DAO 97-32, si CENRO po ang may tungkulin na mag schedule at magsagawa ng hearing subalit ito ay hindi niya ginawa sa loob ng napakatagal na panahon gayong ayon sa kanilang Manual ang administrative hearing ay dapat na maisagawa sa loob ng isang linggo matapos ang apprehension;

13. Ang ginawa po nilang ito ay labis na nakasisira sa integridad at imahe ng kanilang tanggapan lalo pa po at sila ay kapwa nabibilang sa mga may katungkulang matataas sa kanilang tanggapan, tinitingala, sinusunod ng kanilang mga tao, kaya dinidikta po ng kanilang posisyon na dapat po silang maging mabuting ehemplo sana ng kanilang mga kasamahan, subalit sila po ay nagpabaya sa kanilang tungkulin; na labis din pong nakapinsala sa amin;

14. Nais ko din pong ireklamo si CENRO ANASTACIO SANTOS ng conduct unbecoming of a public official at conduct prejudicial to **the best interest of the service** dahil sa ginawa niyang pagpopost sa facebook na labis na nakasira sa aking reputasyon at pagkatao gayong ako po ay presumed innocent until proven guilty; hindi pa naman po napapatunayan na ako nga po ay nahuli sa loob ng Apo Reef Natural Park subalit ang reputasyon ko po ay kanya ng sinira; lakip po dito ang mga larawan na kanyang ipinost sa facebook na labis na nakasira sa aking pagkatao; bagamat ako po ay nakasuhan ako naman po ay presumed innocent until proven guilty; kaya ang ginawa pong ito ni CENRO ANASTACIO SANTOS ay hindi po nararapat;

15. Na isinasagawa ko ang salaysay na ito upang patotohanan ko ang aking mga isinasaad sa itaas at upang ako po ay makapaghain ng reklamo laban kina **ANASTACIO SANTOS ng gross neglect of duty,**

**conduct prejudicial to the best interest of the service at conduct unbecoming of a public officer, at kay KRYSTAL DAYNE T VILLANADA ng GROSS NEGLECT OF DUTY, at CONDUCT PREJUDICIAL TO THE BEST INTEREST OF THE SERVICE.**

**BILANG KATUNAYAN NG LAHAT NG ITO**, aking inilalagda ang aking pangalan sa ibaba ngayong ika 9 ng Oktubre, 2023 dito sa Sablayan, Occidental Mindoro.

**DANTE P. ESTEVES**
Nagsasalaysay

**SUBSCRIBED AND SWORN TO BEFORE ME** this 9th day of October, 2023 at Sablayan, Occidental Mindoro. I further certify that I have personally examined the affiant and is fully convinced that all his statements are true and correct, fully understood by him and voluntarily gave the same.

DOC. NO. 7839
PAGE NO. 95
BOOK NO. 116
SERIES OF 2023

ATTY. MELVIN SILVERIO DACAYANAN
NOTARY PUBLIC
UNTIL DECEMBER 2023
ATTORNEY'S ROLL NO. 6[illegible]003
IBP NO. [illegible]
PTR NO. [illegible]32
MCLE COMPLIANCE NO. VII-0003445
VALID UNTIL APRIL 14, 2025

# Sinumpaang Salaysay ng Reklamo of Dante Esteves against CENRO ANASTACIO SANTOS at KRYSTAL DAYNE VILLANADA for gross neglect of duty, conduct prejudicial to the best interest of the service and conduct unbecoming of a public officer

5 messages

---

**Jennifer Laudencia** <jenlaudencia72@gmail.com> Mon, Oct 9, 2023 at 5:56 PM
To: denr.arta@denr.gov.ph
Bcc: mimaroparegion@denr.gov.ph

October 09, 2023

The Officer on Duty
DENR, Ermita Manila

Sir/Madam

Good day.

Please see the attached file for your appropriate action.

---

**DENR Mimaropa Region** <mimaroparegion@denr.gov.ph> Tue, Oct 10, 2023 at 8:21 AM
To: Jennifer Laudencia <jenlaudencia72@gmail.com>
Cc: ARDTS MIMAROPA <ardts.mimaropa@gmail.com>

Good day!

This is to acknowledge receipt of your email.
Your concern was immediately forwarded to the Office of the Assistant Regional Director for Technical Services for review and appropriate action

For other inquiries/follow-ups, you may reach them directly at their email address: ardts.mimaropa@gmail.com

Please also be informed that your concern has been assigned with Document Tracking Number E-2023-119680.

To track the status of your concern, please provide the number above for ease of reference.

Thank you and keep safe.

JEZETH MAE G. FADERO
Mathematician Aide I
Records Section - DENR MIMAROPA
[Quoted text hidden]

---

**Jennifer Laudencia** <jenlaudencia72@gmail.com> Tue, Oct 10, 2023 at 10:49 AM
To: DENR Mimaropa Region <mimaroparegion@denr.gov.ph>

Thank you for your response and assistance...
[Quoted text hidden]

---

**Jennifer Laudencia** <jenlaudencia72@gmail.com> Thu, Oct 19, 2023 at 7:09 PM
To: danteesteves195@gmail.com

[Quoted text hidden]

---

**Jennifer Laudencia** <jenlaudencia72@gmail.com> Thu, Oct 19, 2023 at 7:09 PM
To: danteesteves195@gmail.com

[Quoted text hidden]